Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG HUNYO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR. | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. EdgardoT. Porca | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. Heidi S. Ciriaco | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 156 -T'2001*

*KAPASIYAHANG TINATANGGAP AT PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 14-T2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LABUIN NA INILILIPAT SA PAMAHALAANG BARANGAY NG LABUIN ANG PAGMAMAY-ARI SA LUPANG KINATATAYUAN NG HEALTH CENTER NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 14-T'2000 ng Sang. Brgy. ng Labuin na ipinagkakaloob na sa pamahalaang barangay ng Labuin ang lupang pag-aari ni Gng. Isabel Estrada na kinatatayuan ng Health Center sa Sitio Maulawin, Barangay Labuin ng bayang ito;

SAPAGKA'T, matapos na masuri at malaman ang isinagawang paglilipat ng pagmamay-ari ng lupa at mga kaukulang dokumento ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Lupain at Ari-ariang Di-natitinag na irekomenda ang pagtanggap at pagpapatibay sa kapasiyahang ito ng Sanguniang Barangay ng Labuin.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na tanggapin at pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 14-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Labuin na ilipat sa pamahalaang barangay ng Labuin ang pagmamay-ari ng lupang kinatatayuan ng Health Center ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Registry of Deeds, Pambayang Tagatasa at Sangguniang Barangay ng Labuin, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN,
Punong Bayan

Valeriana C. Pamatmat
1-25-01